# Suntok Sa Buwan

**Eraserheads**

Sabi nila na hindi ko raw makakaya
Ang lumapit sa□yo mag-isang magpakilala
Sabi nila malakas daw ang aking loob
Sinuswerte daw ba ako?
Mag-isip na tayong dalawa ay magmahalan.

Tingnan mo ngayon, sino na nga bang nakatawa?
Pag tayo ay naglalakad, o 'di ba tahimik na lang sila?
Sa dami noon na nanligaw sa □yong poging
Nakapila baldeng pabling
Sino bang mag-akalang tayo ay magmahalan, magkatuluyan!

Suntok sa buwan ka lang nong araw tanging irog ko
Sa ganda mo at bait ay hindi ko akalain
Puso ko□y hinagip sa dilim
Karibal ko□y hindi pinansin
Rumemate na lang sa bandang hulihan
Suntok sa buwan, panalo
Akin ka lang!

Sabi nila na hindi nga raw tayo bagay
Mapapansin mo lang daw ako kung mawawalan ka ng malay
Sabi nila, kailanga□y isang himala
'Di ka raw madaan sa tiyaga
Tingnan mo kung sino na ang siyang nakatunganga, humahanga!

Suntok sa buwan ka lang nong araw tanging irog ko
Sa ganda mo at bait ay hindi ko akalain
Puso ko□y hinagip sa dilim
Karibal ko□y hindi pinansin
Nakahagod na lang sa bandang hulihan
Suntok sa buwan, panalo
Akin ka lang!

Akin ka lang!
I Love You LuNa!

Tištěno z www.txp.cz
Sponzor: www.srovnavac.cz - šetříme na pojištění!